# 3 Mabilis na mga Hakbang sa Pagsakay sa Bus

Pierce Transit



*Madaling* **PLANUHIN**



*Madaling* **BAYARAN**



*Masayang* **SAKYAN**

## 1 Planuhin ang Iyong Paglalakbay

### Customer Service

Ang tauhan ng Pierce Transit Customer Service ay masaya na matulungan ka na maplano ang iyong biyahe gamit ang bus. **Tawagan ang 253.581.8000 opsyon 2, 2 ulit,** Lunes hanggang Biyernes 6:30 a.m. hanggang 6:30 p.m. Maging handa na ibigay ang iyong pagmumulang lugar, destinasyon, petsa na gusto mong maglakbay, at ang gusto mo na oras ng pagdating.

### Trip Planner sa PierceTransit.org


**Available sa homepage ng Pierce Transit** kahit kailan mo ito kailangan, ilagay lang ang iyong "Pagmumulan" at "Destinasyon" at makakakuha ka na ng plano para sa paglalakbay! Pwede mo ring i-print ang plano at dalhin itong kasama mo.

### Transit app

Ang **Transit** ay ang iyong isahang app para sa pagpaplano ng paglalakbay, pag-alam kung kailan darating ang kasunod na bus, at pagbabayad ng iyong pamasahe. I-download ito ngayon!

### Pagbabasa ng Talaan ng Oras ng Pagdating at Pag-alis.

Sa PierceTransit.org, hanapin ang talaan ng oras ng pagdating at pag-alis ng iyong ruta. Ang mga pangunahing lokasyon sa kahabaan ng ruta - "timepoints" - ay nakalista sa itaas. Ang pagbabasa mula kaliwa hanggang kanan ay nagpapakita ng mga oras habang bumibiyahe ang bus sa ruta nito. Kapag binabasa mo ang isang column, makikita mo ang lahat ng oras na dumarating ang bus sa hintuan sa araw na iyon. Gamitin ang timepoint bago ang iyong paghinto para matantiya ang oras ng pagdating ng iyong bus.




## 2 Bayaran ang Iyong Pamasahe

### Transit app

Sa Transit, pwede mong bayaran ang iyong pamasahe gamit ang iyong smartphone! Ang mga detalye at mga link ng pagdo-download ay nasa PierceTransit.org/transit.

### All Day Pass



Ang mga All Day Pass ng Pierce Transit ay maaaring mabili sa mga bus ng Pierce Transit. Sabihin lang sa tagapagmaneho, pagkatapos ay maglagay ng eksaktong pera sa kahon para sa pamasahe. Makakatanggap ka ng may tatak na pass na may oras ng pagtatapos, para magamit tuwing sumasakay ka sa bus o Runner ng Pierce Transite sa araw na iyon. Sa bus, i-slide ang iyong pass sa magnetic stripe reader; sa Runner ipakita lang sa driver.

### Perang hawak

Pagpasok mo sa bus, may isang lugar sa kahon para sa pamasahe na kumokolekta ng mga papel na dolyar at lugar para sa barya sa itaas ng kahon para sa pamasahe. Magdala ng eksaktong pera, dahil ang kahon para sa pamasahe ay hindi nagbibigay ng sukli.

***Mga Adulto** 1 Sakay: $2, Buong Araw: $5* ***Kabataan** LIBRE*
***May-edad/May kapansanan** 1 Sakay: $1, Buong Araw: $2.50*



## ORCA

Kung regular kang sumasakay sa Pierce Transit, isaalang-alang ang kaalwanan at pagtitipid ng isang bus pass na nakakarga sa isang ORCA card. Pwede kang tulungan ng aming tauhan sa Customer Service na makapili ng pass na para sa iyo.

**Madaling makuha ang ORCA card**




- **Online:** myORCA.com
- **Gamit ang telepono:** 1.888.988.6722 o TTY Relay: 711
- **Sa personal:** Puntahan ang Pierce Transit's Bus Shop sa Tacoma Dome Station. Bilhin ang card mismo sa maliit na bayad, pagkatapos ay magdagdag ng pass o E-purse (ginamit tulad ng perang hawak upang bayaran ang iyong pamasahe). Kung ikaw ay nakatanggap ng benepisyo sa pagbiyahe mula sa iyong employer o ibang organisasyon, tanungin ang iyong Employee Transportation Coordinator kung paano makakakuha ng ORCA card.

## Mga Bawas Pamasahe.

**LIBRE ang sakay ng kabataang 18 at mas bata!** Ang mga detalye ay nasa PierceTransit.org/FreeYouthPass.

**Kung ikaw ay 65 o mas matanda**, may beripikado ng doctor na kwalipikadong kapansanan o isang Medicare card, maaari kang sumakay para sa isang may bawas na pamasahe. Dapat kang magpakita ng totoong Regional Reduced Fare Permit (RRFP) when kapag sumasakay. Para malaman kung ikaw ay kwalipikado, kontakin ang Customer Service o bisitahin ang PierceTransit.org/PT-fares.

**Ang mga adultong may mababang mga sahod** ay maaaring maging kwalipikado para sa ORCA LIFT card. Ang mga pasaherong nagbabayad gamit ang ORCA LIFT card ay nag-e-enjoy sa mga mas mababang pamasahe sa mga bus ng Pierce Transit at mga serbisyo ng Runner, at sa ibang mga serbisiyo ng mga kasaling ahensiya.

Matuto pa ng higit sa PierceTransit.org/orcalift.

# 3 I-enjoy Ang Iyong Biyahe.

**Ngayon na mayroon ka nang plano at may pamasahe ka na, oras na para umalis! Siguraduhin na makarating sa iyong hintuan nang hindi bababa sa 5 minuto ang aga.**

Kapag sumasakay, maaari mong hilingin sa operator ng bus na babaan ang rampa ng bus o paluhurin ang bus kung ikaw ay nahihirapan sa mga hakbang. Kung may gamit ka na wheelchair, tutulungan ka ng operator na maingatan ang iyong device.

Habang nakasakay, maaari mong panoorin ang display na magsasabi sayo kung nasaan ka sa ruta. Maaari ka rin na makinig sa mga anunsyo ng paghinto ng bus. Kapag naanunsyo na ang iyong hintuan hilahin ang cord para ma-trigger ang kahilingang paghinto ng bus, at paisuyo–manatiling nakaupo hanggang sa tumigil ang bus.

Kung ikaw ay lilipat at hindi ka sigurado kung saan makikita ang iyong kasunod na bus, humingi ng tulong sa operator.




## Translation Service

Translation service is available in more than 200 languages, by calling 253.581.8000, option 2, option 4.

Llame al 253.581.8000. Habrá un representante y servicio de traducción en español disponible para atenderle.

Заказать услуги представителя с переводом на русский язык можно по телефону 253-581-8000.

Xin gọi 253-581-8000 để nói chuyện với Nhân Viên Đại Diện Ban Phục Vụ Khách Hàng là người sẽ cung cấp dịch vụ thông dịch Việt Ngữ.

Tawagan ang 253-581-8000 upang makipag-usap sa Representatibo ng Pangserbisyong Kustomer na magbibigay ng serbiyong pagsasalin ng wika sa Tagalog.

한국어 번역 서비스를 제공하는 상담원과 통화
통화하시려면 253-581-8000 으로 전화하십시오.

អាចទំនាក់ទំនងភ្នាក់ងារសេវាបកប្រែភាសាខ្មែរ (កម្ពុជា) ដោយ
ដោយហៅតាមរយៈ លេខទូរស័ព្ទ ២៥៣-៥៨១-៨000 ។

致电253-581-8000 联系客户服务代表，
将提供中文翻译服务。